



Pagtukoy at Pag-iwas sa Sepsis

Ang sepsis ay isang impeksyon sa dugo na nakamamatay at kailangan ng agarang medikal na paggamot. Isa ito sa pangunahing salik sa hindi planadong pagpapaospital para sa I/DD na nasa hustong gulang na populasyon (adult population). Ang pag-iwas at maagang pagtukoy sa sepsis ay napakahalaga at maaaring makapagpaliwas sa emerhensyang pagpapaospital, iba pang medikal na kumplikasyon, at kamatayan.

Ano ang Sepsis

Ang sepsis ay isang malubhang impeksyon na kumalat sa dugo. Nangyayari ang sepsis kapag ang isang umiiral na impeksyon ng indibidwal ay nag-trigger ng malubhang pagtugon o reaksyon ng immune system. Ang karamihan sa mga kaso ay dulot ng paunang impeksyon sa urinary tract (UTI), baga (pneumonia), balat (hiwa, sugat, o paso), o tiyan (impeksyon sa intestinal tract).

Ang isang tao ay “septic” kapag ang pagtugon ng kanyang immune system sa impeksyon ay nagdudulot ng laganap na inflammation. Ang reaksyong ito ay maaaring mauwi sa pinsala sa tisyu, organ failure, at kamatayan.

Ang malulubhang kaso ng sepsis ay maaaring mauwi sa septic shock, kung saan bumabagsak ang presyon ng dugo ng isang indibidwal sa mapanganib na level at maaaring bumigay ang maraming organ.

Sino ang nasa panganib?

Maaring magkaroon ng sepsis ang kahit sino, ngunit ang mga indibidwal na may mas mataas ang panganib ay kinabibilangan ng:

- Mga indibidwal na may hindi gumaling-galing na mga medikal na kondisyon o pangmatagalang sakit;
- Mga indibidwal na may mahinang immune system;
- Mga nakaligtas na dati sa sepsis;
- Mga matatandang 65 taong gulang pataas at mga sanggol na wala pang isang taon;
- Mga indibidwal na nakatira sa pangmaramihang tirahan kung saan may impeksyon din ang iba; at
- Mga indibidwal na may mga invasive device tulad ng tubo sa paghinga o catheter.

Mga Sintomas ng Sepsis (CDC)

- Mabilis na tibok ng puso o mababang presyon ng dugo;
- Lagnat, panginginig, o nilalamig nang husto;
- Nanghihina o tila hihimatayin;
- Pagkalito o wala sa tamang pag-iisip;
- Kinakapos ng hininga o mabilis ang paghinga;
- Matinding pananakit o pagkabalisa;
- Nanlalamig/namamawis na balat; o
- Pantal.



Mga Kasalukuyang Istatistika

Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad

Humigit-kumulang **1 sa 5** na mga hindi planadong pagpapaospital para sa impeksyon sa loob ng katawan mula sa Fiscal Year na 2019/2020 ay may kaugnayan sa sepsis

Halos ½ ng piling pagpapaospital sa isang regional center ay may kaugnayan sa sepsis

Populasyon ng Estados Unidos

1.7 milyong nasa hustong gulang sa America ang nagkakaroon ng sepsis bawat taon

Halos **270,000 pasyente** ang namamatay dahil sa sepsis

1 sa 3 pasyente na namatay habang nasa ospital ay nagkaroon ng sepsis

7 sa 10 pasyenteng may sepsis ay nangangailangan ng madalas na pangangalagang medikal o gumamit kamakailan ng mga serbisyong medikal

Halos **80% ng mga pasyente** ay nagkakaroon ng sepsis sa labas ng ospital



Ang mga Paunawa sa Kabutihan at Kaligtasan ay ginawa ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad upang maipalam sa mga direktang tagapagbigay ng serbisyo, staff ng sentrong pangrehiyon, at iba pa ang mga partikular na panganib na natukoy sa ating komunidad.

Pag-iwas at Pagkilos Kung Sakaling may Sepsis




Kalinisan at Paglilinis

- Ugaliin ang mahusay na pamamaraan sa paghuhugas ng kamay.
- Linisin at takpan ang mga hiwa hanggang sa lubos na maghilom ang mga ito.
- Disimpektahin ang mga bagay na ginagamit ng maraming tao pagkatapos ng bawat paggamit.

Pag-iwas sa mga Impeksyon

- Huwag ipagpaliban ang paggamot para sa mga hindi gumaling-galing na kondisyon, tulad ng diyabetes o sakit sa kidney.
- Uminom ng maraming tubig at regular na umihi, lalo na kung nararamdaman mong kailangan mo nang umihi.
- Gamitin ang mga bakunang inirerekomenda ng iyong doktor.
- Ugaliin ang mahusay na kalinisan sa katawan.



Pagbantay sa mga Impeksyon

- Bantayan ang paglala ng mga impeksyon at sakit.
- Kung isa kang tagapag-alaga/tagapagkaloob ng pangangalaga, idokumento ang mga pagbabago sa pangkaisipan at pisikal na kalusugan ng indibidwal.
- Alertuhan ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga pagbabago.



Kumilos Nang Mabilis

- Ang sepsis ay isang nakamamatay na medikal na emerhensya. Kung hindi mabilis ang paggamot, maaari itong mauwi sa pinsala sa tisyu, organ failure, at kamatayan.
- Magpatingin kaagad nang personal man o sa pamamagitan ng mga serbisyong telehealth (pagkonsulta sa telepono o online).
- Partikular na itanong, “Maaari bang mauwi sa sepsis ang impeksyong ito?”

Mapi-print na Poster para sa Sepsis



Maaaring i-download:

[Four Ways to Get Ahead of Sepsis \(cdc.gov\)](https://www.cdc.gov/sepsis)



Ang mga Paunawa sa Kabutihan at Kaligtasan ay ginawa ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad upang maipalam sa mga direktang tagapagbigay ng serbisyo, staff ng sentrong pangrehiyon, at iba pa ang mga partikular na panganib na natukoy sa ating komunidad.

Mga Karagdagang Mapagkukunan

CDPH – Sepsis Awareness:

[Sepsis Awareness \(ca.gov\)](https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Sepsis-Awareness.aspx)

CDC – Think sepsis. Time matters:

[Making Health Care Safer | VitalSigns | CDC](https://www.cdc.gov/sepsis/)

CDC – Staph Infections Can Kill:

[Staph infections can kill | VitalSigns | CDC](https://www.cdc.gov/staphinfections/)

CDC – MRSA in Early Childhood Care and Education Settings:

[MRSA Fact Sheet- For Early Childhood Care and Education Professionals \(cdc.gov\)](https://www.cdc.gov/mrsa/)